Midya, Eleksiyon at ang Politikal na Reimahinasyon: Ang Muling Pag-aakda sa Campaign Jingle na "Naging Mahirap"

Michael Francis C. Andrada

Mas kilala ito bilang "Manny Villar Jingle" kahit na ito ay isa lamang sa maraming jingle na ginamit sa iba't ibang anunsiyong pangampanya o *infomercials* (*information commercial*) ni Sen. Manny Villar na tumakbong kandidato sa pagkapangulo noong 2010. Ngunit ang opisyal na pamagat nito ay "Naging Mahirap" na isinulat ni Merlee Jayme, *co-partner* ng ahensiyang DM9 JaymeSyfu. Ayon kay Jaymee, ang inspirasyon niya sa pagkatha ng naturang kinomisyong jingle ay ang talumpati ni Villar noong 2009 sa Manila Overseas Press Club, kung kailan ipinaliwanag ni Villar ang kaniyang plataporma ng reporma batay sa kaniyang karanasan ng pagiging mahirap: "He (Villar) said something like you have to experience being poor to truly know their needs and to really desire to help them rise from poverty."[1]

Maituturing ang "Naging Mahirap" bilang isa sa mga sikat na *campaign jingle* noong 2010 pambansang halalan sa Filipinas. Naging palasak ito sa telebisyon, radyo, at mga *social networking site* sa internet. Higit pa rito, kumalat ito sa iba pang midya ng *electronics communication* bilang ring tone ng mga selfon at bilang *text message* o *single message service* (SMS). Namutawi rin ito sa bibig ng mamamayan, lalo na sa kabataan: inawit sa kanilang paglalaro at/o paghuhuntahan sa loob o labas man ng tahanan at paaralan.

Kapansin-pansin din ang muling-pagkatha ng mamamayan, sa pamamagitan ng pag-*spoof* o pagparodiya, sa naturang campaign jingle ni Villar, sa arena ng kanilang oral at dihital na mundo. Napakaraming "bersiyon" ng naturang campaign jingle sa internet, text message, at kalsada. Maraming bumatikos kay Villar at mayroon namang bersiyon na tumawid pa sa pagkutya kay Pang. Gloria Macapagal Arroyo. Sa inisyal na pagtipa, makikitang ang muling-pag-akda ay kapuwa "libangan" at "seryosong" praktis ng pagpapatagos ng iba't ibang (malay o di-malay na) ideolohiya sa mga mamamayang umaakda.

Sa mga larangan ng panitikan at kulturang popular, ang penomeno ng muling pagkatha ng kantang "Naging Mahirap" ay maaaring suriin bilang bahagi ng isang